August 31, San Ramon

"*you also must be prepared*" (Matthew 24,44)

Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, tatlong bagay o katangian ang nararapat natin tatandaan at isasabuhay mula sa ating Ebanghelyo. At ito rin po ang masasalamin natin sa naging buhay ng atin mahal na patron, si San Ramon. Ano po ito?

Una, maging handa (*be prepared*)
Ikalawa, maging matiyaga (*always persevere*)
At **ikatlo**, magbigay (*provide*)

Una, maging handa. Hindi natin alam ang takbo ng ating daigdig. Hindi lahat ng panahon ay maganda, maayos o mapayapa. Mayroon din suliranin o pangangailangan. At minsan tayo ay maguguluhan o masusubukan. Maging handa Po tayo.

Mayroon mga bagay na hindi makakamit ng biglaan o sa isang iglap. Mayroon din mga bagay na hindi matatapos sa loob ng "*last two minutes*." Nararapat lamang na tayo ay handa at may pinaghandaan.

At po ay pinaalalahanan ng Ebanghelyo, "*stay awake! For you do not know on which day your lord will come*" (Matthew 24,42).

Nang ang ating mahal na patron ay naging tagapagtubos ng mga alipin doon sa Algeria, siya ay naging handa, sa kaalaman ng pananampalataya at salaping pantubos. Pinaghandaan niya ang lahat. At dahil sa kanyang matibay na pananalig at salaping kakailanganin, marami siyang napalaya at higit pang maraming mga hindi mananampalataya ang kanyang nahikayat na maging Katoliko.

Mga kapatid, tayo ay nararapat maging handa. Hindi pa pabigat. Hindi po pala-asa sa mga magulang o sa iba. At hindi po patsamba-tsamba sa buhay.

Ikalawa, maging matiyaga. Hindi sa lahat ng oras ang araw ay sumisikat. Hindi pa sa lahat ng panahon ay maaliwalas. Minsan ay mainit o mahangin; maaraw o maulan.

Hindi kaagad-agad naroroon ang kasagutan sa ating mga panalangin. Hindi biglaan mayroon bunga ang atin itinanim. At minsan pa nga ay hindi lahat ng mga bunga ay marami o matamis. Minsan pa nga tayo ay hindi mapapasalamatan, hindi mapapansin. Minsan hindi rin mabibigyan ng pagpapahalaga ang ating pinagpaguran o ang ating pagsisikap.

Datapuwa't huwag po tayong sumuko. Huwag po na tayo ay magtampo o lumayo. Maging matiyaga. At pag-ibayuhin pa natin ang ating pagtitiyaga. Kaya nga ang tanong ni Jesus sa ating Ebanghelyo ay "*who, then, is the faithful and prudent servant, whom the master has put in charge of his household*" (v45).

Ang ating mahal na patron ay walong taon din nabilanggo dahil sa kanyang pangangaral tungkol kay Kristo at sa paghihikayat sa relihiyong Katoliko. Siya ay pinahirapan. Nagdusa. At labis na sinaktan. Subalit matiyaga niyang tinanggap ang lahat at patuloy na umasa sa Panginoong Diyos. Wala siyang sinisi. Hindi siya nagalit. Tinignan at tinanggap ni San Ramon ang lahat bilang pakikiisa at pakikihati sa paghihirap at pagliligtas ni Kristo sa tao.

Mga kapatid, mahal po tayo ng Panginoong Diyos. Hindi Niya tayo pababayaan. Hindi po Niya tayo iiwan. Magtiyaga lang po tayo. Manalig tayo sa Kanya at higit pa natin na Siya ay lapitan. Higit pa tayong manalangin at magtiwala sa ating Panginoong Diyos. At tiyak po hindi tayo bibiguin.

Tulad nga po na naganap sa atin mahal na patron, ang Diyos ay kumilos. Dumating si San Pedro Nolasco at si San Ramon ay tinubos sa pagkabilanggo. At sa pagbabalik niya sa Barcelona, Espanya noong 1239, siya ay itinalagang kardinal ni Papa Gregorio IX.

Ikatlo, maging mapagbigay. Kahit papaano mayroon pa rin tayong magagawa. Mayroon pa rin tayong maibibigay. Minsan tayo ay natatakot lang na baka tayo ay mawalan, kapusin o maubusan. Hindi po! Ibabalik po sa atin ng Panginoong Diyos ng higit pa ang lahat na ating inialay o inihandog sa Kanya. At labis pa sa ating inaasahan o naipagkaloob.

At ito po ang ipinahayag sa ating Ebanghelyo ngayon na "*ipagkakatiwala sa kanyang amo ang lahat nitong pag-aari*" (v47).

Sa buhay ng ating mahal na patron, San Ramon, kahit na siya ay naubusan ng salaping pantubos, inaalay niya ang kanyang sarili bilang pantubos sa mga alipin. Inako niya ang kanilang pagiging bihag at alipin. At upang mapalaya ibinigay niya ang kanyang sarili para sa kanila.

Mga kapatid,hindi po ba ang kanyang ginawa ay pagtulad ng ginawa ni Jesus sa atin upang tayo rin ay matubos sa pagka-alipin sa atin ng Diyablo, at sa pagkabihag natin sa kasalanan? Inialay ni Jesus ang Kanyang sariling buhay doon sa krus para sa ating kaligtasan, upang tayo ay matubos.

Ito ay patotoo sa sinulat ni San Mateo na "*gayundin naman, dumating ang Anak ng Tao hindi para paglingkuran kundi para maglingkod at ibigay ang kanyang buhay bilang pantubos sa marami*" (20,28).

May isang tunay na pangyayari sa buhay ng isang OFW, *overseas Filipino worker*. Noon *late eighties*, mahirap pumasok sa Italya. At dahil wala pa ang *Schengen treaties o Central Europe without boarders*, ang pagpasok *thru the backdoors, syndicated* ang lubhang mapanganib na maghahatid sa pagkabilanggo at naka-ambang kamatayan sa pagtawid. At ito rin ang kanyang ginawa.

Dinala sila ng kanilang *contact* sa Vienna, Austria. Namalagi sa isang *pension house*, hindi lumalabas sa araw, at sa gabi ay naglalakbay sa loob ng *container* ng *twelve wheeler truck*. Sa pagsikat ng araw ay doon sila nakatago sa mga *farm houses*. At biyahe naman sa gabi hanggang makarating sa Split, Croatia na dati noong kabilang kabuuan ng bansang Yugoslavia.

Sa pier ng Split sila ay isinakay sa mga malalaking *fishing boats* patungong Ancona, ltalya. Upang sila ay maitago sa mga *inspections* ng mga *boarder patrols* and *coast guards*, sila ay inilalagay sa loob ng mga malalaking imbakan ng mga huling isda. Sa kanilang ulunan ay may nakapatong na mga styrofoam na nasa ibabaw ay mga huling isda at mga yelo na maraming mga asin. Ito ay upang hindi sila maamoy ng mga aso ng mga *boarder patrols*.

Nang sila ay nakadaong sa Ancona, at masundo ng mga nag-aabang nilang mga kamag-anakan na nanggaling pa mula sa Milan at Roma, nasabi ng Filipina na ito, "*ang paglalakbay namin ay lubhang mahirap at tigib ng pagdurusa. Ang buhay namin doon ay tunay nga na ang isa naming talampakan ay nasa hukay. Subalit hinayaan ng Diyos na kami ay maging ligtas at mabuhay*."

At idinugtong pa niya sa amin, "*sinubaybayan kami ng Diyos. Ginusto ng Diyos na kami ay mabuhay pa dahil mayroon pa kaming misyon dito sa lupa. Marahil may nais pang ipagawa ang Diyos sa amin*."

Mga kapatid, tayo ay mayroon. Tayo ay maybuhay at buhay. Mangyari pa may nais pang ipagawa sa atin ang ating Panginoong Diyos. At tulad ng atin mahal na patron, San Ramon, tayo po ay nararapat lamang na:

Maging handa.
Palaging matiyaga.
At handang magbigay.

+Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP Permanent Council member